

## BATID KO KUNG NASAAN ANG AKING PUSO



"Taos pusong pinaniniwalaan noon ni Richie na siya ay ginagamit ng Panginoon upang maging instrumento para sa ating mga kapatid na nangangailangan. Siya ay pumanaw na kumbinsido at walang halong pagdududa na ang pag papari ay ang kanyang bokasyon sa buhay, Inilaan niya ang kanyang mga araw sa walang humpay na pag-aaruga at pag tulong sa kapwa. Halina't at pakingan ang natin ang kuwento ni Fr. Richie sa podcast na ito.

*Batid ko Kung Nasaan Ang Aking Pusong* ay parte ng Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani, serye ng mga kuwento patungkol sa buhay ng mga dakila't mararangal na Pilipino. Handog sa inyo ng Arete at Ateneo de Manila Basic Education sa tulong ng The Bookmark, inc at Role Players Inc. Original na isinulat sa Ingles ni Joaquin Domingo S. De Guzman at salin sa Filipino ni Sumita V.

Telan at babasahin para sa atin ni Ronald C. Alvarez."

“Inay,” sinabi ni Richie sa kaniyang ina, “Tandaan niyo po, pagkahatid mo sa akin bukas, hindi na ako ang iyong anak. Magiging bahagi na po ako ng Kapisanan ni Hesus.”

Kinabukasan, nakatayo si Richie sa harapan ng Sacred Heart Novitiate sa Novaliches, kung saan nag-aaral, naninirahan, at dinaranas ng mga Heswita ang unang hakbang tungo sa pagiging pari. Dito rin inililibing ang mga Heswita sa Pilipinas.

Ito na ang bagong tahanan ni Richie. Nag-aalala ang kaniyang ina sa bunso niyang anak. Siguradong mangungulila siya rito ngunit sa loob-loob niya, batid na ni Richie noon pa man na nais niyang gumawa ng dakilang bagay para sa Panginoon. “Paalam, Inay. Huwag kang mag-alala, kasama ako ng mga Heswita; sila ngayon ang magiging bago kong pamilya. Ibibigay ko ang buhay ko sa Panginoon,” sabi niya sa kaniyang ina bago siya pumasok sa bakuran ng lugar na iyon.

Nagsimula na ang buhay ni Richie bilang isang eskolastiko o bahagi ng Kapisanan ni Hesus. Nag-aral siya tungkol sa Diyos, sa Bibliya, at marami pang iba. Namuhay siya ayon sa mga panata ng komunidad at natuto ng mga kasanayang Heswita. Nanalangin siya araw-araw, dumalo sa mga misa at mas pinalalim ang kaniyang ugnayan sa Panginoon. Naging palakaibigan siya kasama ang kaniyang mga kapatid, na may iisang pangarap at hangarin. Mabilis na nagdaan ang dalawang taon niyang pagiging nobisiyo at noong 1992, binagtas ni Richie ang walang-hanggang panata sa pagdaralita, kalinisan, at pagtalima.

Nang lumipat si Richie sa Loyola House para sa mas mataas na pag-aaral, magiliw siyang nanilbihan sa kalapit na mga pamayanan. Nakisalamuha siya sa mga taong nais niyang tulungan. Lalong tumindi ang paniniwala niyang itinadhana siyang maging pari.

Nang naging rehente si Richie, isang pagkakataon kung saan maaari niyang isagawa ang kaniyang mga misyonaryong gawain sa komunidad, nasabik siya nang ipinadala siya sa Phnom Penh, Cambodia noong Mayo 1995. Naitalaga siyang magturo sa Banteay Prieb Center para sa mga may kapansanan.

“Guro, sa Ingles, ang lugar na ito ay mas kilalang “The Center of the Dove,”” banggit sa kaniya ng unang lokal na naglibot sa kaniya.

“Ang ganda at talagang naaangkop ang pangalan! Siguradong makalilikha tayo ng mga kalapati ng kapayapaan sa ating mga sentro,” tugon ni Richie.

Ang mga mag-aaral ni Richie sa Banteay Prieb ay kaiba kung ikukumpara sa mga nasa tradisyunal na mga paaralan. Lahat ng kaniyang mga mag-aaral ay biktima ng mga sumabog na mina; ang lahat ay may pisikal na kapansanan, maraming nawalan ng braso o binti, ngunit hindi ng puso at kaluluwa.

Tinuruan sila ni Richie ng iba’t ibang kasanayan upang makapag-ambag sila sa kanilang komunidad.

Mahal ni Richie ang kaniyang mga mag-aaral at gayon din sila sa kaniya. Palagi siyang ngumingiti at palaging siyang masayahin sa Banteay Prieb.

Madalas, kinukuwentuhan siya ng kaniyang mga mag-aaral ng kanilang mga karanasan sa buhay, at nakikinig nang mabuti si Richie. Nakatagpo si Richie ng isa pang pamilya sa piling ng mga mag-aaral na puno ng kasiyahan at pag-asa kahit na sila ay nanirahan sa gitna ng giyera, pang-aabuso, at kahirapan.

Isa sa mga estudyanteng iyon si Sarom, isang binatang biktima ng sumabog na mina. Marami rin siyang malalaking pangarap at nagnanais na makatapos ng pag-aaral.

Makulit siya at maligalig ngunit hindi siya sinukuan ni Richie. “Ah, si Sarom? Maselan ‘yan pero palagi siyang may lugar sa aking puso,” wika ni Richie.

Sa kasamaang-palad, ang katigasan ng ulo ni Sarom ang naging dahilang upang paalisin siya sa center.

Isang araw, ipinatawag si Sarom sa isang pulong sa paaralan. Ikinagalit ni Sarom ang nangyari sa miting at naglabas siya ng granada mula sa sa kaniyang bag. Mukhang may balak siyang ihagis ang granada sa isang kuwartong puno ng estudyante, na hindi makatatakas dahil may rehas ang mga bintana.

Napagtanto ni Richie ang gagawin ni Sarom. Hindi siya nagdalawang-isip. Alam na niya ang kailangan niyang gawin sapagkat ito na ang kaniyang isinasabuhay mula noon pa man, na palaging iniisip ang Diyos, at ang mga mahal niya sa buhay.

Sinunggaban ni Richie si Sarom at sinubukan itong pigilan na ihagis ang granada. Nabitiwan ni Sarom ang granada at nagwakas ang lahat sa isang iglap. Ginamit ni Richie ang kaniyang katawan upang protektahan ang lahat mula sa pagsabog ng granada.

Nailigtas ni Richie ang lahat ng mga mag-aaral, maging si Sarom ay hindi nasaktan, ngunit namatay si Richie.

Batid ni Richie, nanalig siya, at kumilos.

Ilang araw lamang bago siya binawian ng buhay, nagpadala ng mensahe si Richie sa isang kaibigan at sinabing: “Batid ko kung nasaan ang aking puso, ito ay na kay Hesukristo na ibinigay ang lahat para sa mahihirap, sa mga may sakit, at sa mga naulila... panatag akong hindi kinalilimutan ng Panginoon ang kaniyang mga anak: ang mga kapatid nating may kapansanan. At natutuwa akong ginagamit ako ng

Panginoon upang siguraduhing batid ng ating mga kapatid ang katotohanang ito. Natitiyak kong tinawag ako ng Diyos para rito.”

\*\*\*

*Pinagkubanan: Batin Ko Kung Nasaan Ang Aking Puso. Salin sa Filipino ni Sumita V. Telan. I Know Where My Heart Is. Joaquin Domingo S. De Guzman. The Bookmark, Inc. 2013.*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *Sa Ingles*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace  
Why Cocks have Combs on their Head  
The Light of The Fly  
The Snail and The Deer  
Why Dogs Wag Their Tails

### *Mga Kuwentong Pampasko:*

The Poor Man who Became King  
The Sultan with a Heart of Stone  
Buking si Santa  
Istairiray: Ang Bituing may Buntot  
Alamat ng Puto-Bumbong  
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

### *Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)*

Ang Pitong Tanga  
Rosamistica  
Ang Mahiwagang Biyulin  
Ang Binibining Tumalo sa Hari  
Labindalawang Masasayang Prinsesa

### *Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani/ Modern Hero Stories (The Bookmark, Inc.)*

Edjop: Isang Anak ng Sigwa  
Lub-dub, lub-dub (Fil.)  
Made Perfect in Weakness  
The Public's Servant  
Batid Ko Kung Nasaan Ang Aking Puso

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

### *Sa Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo  
Ang Anting-anting ni Manuelito  
Ang Gamugamo at Ang Liwanag  
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

### *Adarna House:*

Bakit Matagal ang Sundo ko?  
Why is Mommy Late?  
Asul na Araw  
Blue Day  
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?  
How would you like your haircut today?  
Sampung Magkakaibigan  
Ten Friends  
Ang Pambihirang Sombrero  
The Amazing Hat

### *Tabanan Books*

*Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang  
Kuwentong-bayan*  
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo  
*The Termite Queen and other Classic Philippine Earth  
Tales*  
Volcano of Love and Death

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adrienne Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

### **Ateneo de Manila Basic Education**

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ *Vice President for Basic Education*

#### **Ateneo Grade School**

Jaime Jose G Nicdao, PhD *Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education  
Director for Administration of the Grade School  
Officer-In-Charge, Headmaster*

Jervy M. Robles *Assistant Headmaster for Academic Affairs*

#### **Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Christian Hereson R. Sandoval  
Jeremiah Ciarra D. Flores *Filipino Teachers - Translators*

Jonnell Inojosa *Associate Teacher, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon

*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

**Ateneo Senior High School**

Ma. Victoria P. Dimalanta

*Principal*

Luis Allan B. Melosantos

*Assistant Principal for Academic Affairs*